International Journal for Multidisciplinary Research (IJFMR)
E-ISSN: 2582-2160 ● Website: www.ijfmr.com ● Email: editor@ijfmr.com

# Persepsyon Sa Kahirapan Ng Mga Mag-Aaral Sa Wikang Filipino At Ang Kanilang Akademikong Pagganap Sa Sekundarya

**Juvilyn A. Olarte[1], Mae Magdalin Rivera[2], Leizel Joy C. Dabalos[3], Joenard L. Tuastomban[4], Lovelie B. Centino[5]**

[1,2,3,4,5]Misamis University, College of Education

**ABSTRAK**
Ang kahirapan sa wikang Filipino ay hadlang sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Layunin ng pag-aaral na ito ang matukoy ang persepsyon sa kahirapan ng mga mag- aaral sa wikang Filipino at ang kanilang akademikong pagganap sa Filipino sa Misamis University. Ang disenyong ginamit sa kwantitatibong pag-aaral ay descriptive correlational. Ang mga respondente sa pag-aaral na ito ay ang 170 na mga mag-aaral sa ikapitong baitang hanggang ikasampung baitang ng Junior High School na pinili sa pamamagitan ng stratified random sampling. Gumamit ang mananaliksik ng limang puntong likert-scale questionnaire bilang instrumento sa pagtitipon ng mga datos. Ang natuklasan sa pag-aaral na ito ay ang kakulangan sa paggamit ng makabagong kagamitan sa asignaturang Filipino ay naging hadlang sa pag-aaral at sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay hindi lang nakasalalay sa kanilang kasanayan sa pag-unawa at paggamit ng wika, kundi pati na rin sa kanilang kumpiyansa sa sarili at pagiging komportable sa paggamit ng wika. Para sa mga susunod na mananaliksik, magsagawa ng isang kwalitatibong pag-aaral na nakatuon sa iba't ibang aspeto upang makabuo ng komprehensibong estratehiya at solusyon sa mga mga pagsubok at hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral.

**Mga Susing Salita:** akademikong pagganap, kahirapan, karanasan, kasanayan, persepsyon, wikang Filipino

## Kabanata 1
## PANIMULA

Sa larangan ng edukasyon, ang wika ay ginagamit bilang pundasyon ng kaalaman at susi sa pag-unlad. Ang wika, bilang pangunahing kasangkapan sa pag-aaral, ay may malaking impluwensya hindi lamang sa komunikasyon kundi pati na rin sa akademikong pag-unlad ng isang estudyante (Tana, 2021). Sa tulong ng wika, nagkakaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na magpahayag ng kanilang saloobin, makipagtulungan sa iba, at mas maunawaan ang mga hamon sa kapaligiran. Dahil dito, ang pagtuon sa kahalagahan ng wika ay isang mahalagang hakbang upang mapahusay ang kasanayan ng mga mag-aaral at higit pang mapabuti ang kanilang pagganap at tagumpay sa pag-aaral. Sa buong kasaysayan, maraming mga bagay, sitwasyon at pangyayari na tumutukoy sa kahalagahan ng wika sa mga mag-aaral, sa kapagligiran at lalo na sa paaralan (Ortanez, 2024).

Ang pag-unawa at pagpapahalaga sa sariling wika ay mahalaga sa pagkakakilanlan at tagumpay ng bawat mag-aaral. Ang mga mag-aaral na hindi bihasa sa wikang Filipino ay maaring hindi lubusang maunawaan at mapahalagahan ang kanilang sariling wika at kakayahan (Gruyter, 1991). Ang kakulangan sa pagiging bihasa sa wikang Filipino ay maaaring magresulta sa suliranin sa akademikong pagganap at magdulot ng pagbaba ng interes na mag-aral. Ilan sa mga hamon na nararanasan ng mga mag-aaral ay mababa ang pakikilahok o interes at kakulangan sa pagtiwala sa sarili (Pearce at Flanagan, 2019). Ang mga hamong ito ay hinggil sa kakulangan ng pagpapahalaga sa wikang Filipino na nagdudulot sa mga mag-aaral na ituring ito bilang hadlang sa kanilang pag-aaral.

Isang pag-aaral sa Hong Kong, ang pagsanay sa paggamit ng wika ay naglalayon na pahusayin ang kakayahan sa pasalitang komunikasyon, pakikinig, at pag-unawa. Ang hinaharap sa pag-aaral ng wika ay nakatuon sa pagpapahusay ng kakayahan ng mag-aaral sa pasalitang komunikasyon, pati na rin sa pakikinig at pag-unawa, upang maging epektibo sa pakikipag-ugnayan (Li, 2023). Ang pagtuturo ng wika ay hindi lamang dapat mag-focus sa kaalamang lingguwistiko, kundi pati na rin sa kasanayang komunikatibo (Brown et al., 2015). Ang pagsasanay sa wika ay hindi lang tungkol sa mga alituntunin ng wika, kundi pati na rin sa pagtutok kung paano ito gamitin nang epektibo sa komunikasyon sa tunay na buhay. Ang makabago at interaktibong mga pamamaraan ng pagtuturo ay nakatutulong sa paglinang ng kasanayan sa pasalita at pakikinig (Rodgers, 2014).

Sa pag-aaral ng wikang Filipino, maraming mag-aaral ang nahihirapan at mas pinipiling magtuon sa iba pang asignatura. Mababa ang pagtingin ng ilang mag-aaral sa Filipino, na nagiging sanhi ng kawalan ng kumpiyansa sa paggamit nito (Boligol et al., 2023). Ang tamang paggamit ng wikang Filipino ay tumutulong sa mga mag-aaral na pahalagahan ito bilang bahagi ng kanilang kultura at identidad. Mahalaga ang pagtuturo ng wika sa pamamagitan ng mga makabuluhang estratehiya at kagamitang pang-edukasyon na tumutugon sa pangangailangan at interes ng mag-aaral, upang maipakita ang kahalagahan ng wikang Filipino sa kanilang kultura at identidad (Bernardo, 2017).

Kadalasan sa mga mag-aaral ay nahihirapan sa paggamit at pag-aaral ng wikang Filipino, kaya't mas pinipili nilang ituon ang kanilang atensyon sa mga asignaturang kanilang nakasanayan at mas nauunawaan. Ito ay maaaring dahil sa kakulangan ng sapat na pundasyon sa wikang Filipino sa mga naunang taon ng pag-aaral, limitadong pagkakataon sa paggamit ng wika sa labas ng paaralan, o kawalan ng interes at motibasyon dahil sa mga pamamaraan ng pagtuturo na hindi nakakaengganyo (Trinidad et al., 2019). Ang mababang pagtingin ng mga estudyante sa kanilang sariling wika ay nagiging sanhi ng kakulangan ng tiwala sa paggamit nito, kaya't mahalagang itaguyod ang pagpapahalaga sa wika upang mapaigting ang kanilang kumpiyansa at pagpapakita ng tunay na kahalagahan nito. Karaniwan nang mababa ang pagtingin ng mga estudyante sa kanilang sariling wika, ay nagreresulta sa kawalan ng kumpiyansa sa paggamit nito (Boligol et al., 2023). Samakatuwid, tungkulin ng bawat guro na bumuo ng mga epektibong kagamitang pang-edukasyon upang masukat ang tagumpay ng kanilang mga mag-aaral.

Sa paaralan ng Ozamiz City, sa Junior High School, naobserbahan ng mga mananaliksik na nahihirapan ang mga mag-aaral pagdating sa pagkatuto ng wikang Filipino. Ninanais ng mga mananaliksik na matukoy ang persepsyon sa kahirapan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino, tukuyin ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino at matukoy ang makabuluhang ugnayan ng persepsyon sa kahirapan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino at ang kanilang akademikong pagganap. Isinagawa ang pag-aaral na ito upang matukoy ang posibleng dahilan kung bakit nahihirapan ang mga mag-aaral na pag-aralan ang wikang Filipino.

**Teoretikal na Balangkas**

Ang mga sumusunod ay mga teorya na pangunahing pinagbabatayan ng pag-aaral na ito:
Cognitive Theory ni Jean Piaget (1896) at Multiple Intelligences ni Howard Gardner.

Ang Cognitive Theory ni Jean Piaget (1896), ang pagkuha ng wika ay isang dinamikong proseso kung saan ang mga mag-aaral ay patuloy na nagpoproseso at nagbibigay-kahulugan sa bagong impormasyon, natutukoy ang mga patakaran, at ginagamit ang mga ito upang makabuo ng orihinal na mga pangungusap (Jotojot et al. 2017). Sa prosesong ito, ang mga pagkakamali sa pag-unawa at paggamit ng mga termino ay karaniwan. Para sa mga cognitivist, ang mga pagkakamaling ito ay hindi lamang mga indikasyon ng kawalan ng kaalaman, kundi mga palatandaan din ng pagkatuto at eksperimentasyon na hindi dapat agad-agad na iwasto (Camposano, 2019).

Ang aktibong pakikilahok ng mag-aaral ay nagpapabuti sa kanilang kakayahang magproseso at magpakahulugan ng impormasyon (Smith et al., 2021). Ang kakayahan ng mag-aaral na maunawaan ang wika ay nakasalalay sa paggamit ng makabuluhang aktibidad na tumutugon sa kanilang pangangailangan (Lopez et al., 2022). Dagdag pa, ayon kina (Carteret al., 2023), ang mga interaktibo at makabagong pamamaraan ng pagtuturo ay nagpapalakas sa kognitibong pagpoproseso ng mga lingguwistikong konsepto. Sa kabuuan, ang teoryang kognitibo ay nagbibigay ng balangkas para maunawaan kung paano nakaaapekto ang proseso ng pag-iisip sa paggamit at pagkatuto ng wika. Ang masusing pag-unawa sa kognitibong proseso ay mahalaga sa pagbuo ng mga epektibong estratehiya upang mapahusay ang kasanayan sa wika (Wang et al., 2020).

Ang pag-aaral na ito ay batay sa teoryang kognitibo ni Jean Piaget, na nagpapaliwanag kung paano ang mga mag-aaral ay nag-iisip at nagsusuri ng mga konsepto. Ayon kay Piaget, ang pag-unawa sa mga ideya ay nakatutulong sa pagpapadali ng pakikipag-ugnayan, at ang pagkakamali ay bahagi ng proseso ng pagkatuto. Mahalaga sa teoryang ito ang aktibong pagproseso ng mga mag-aaral ng bagong impormasyon at paggamit ng mga natutunang tuntunin. Ang mga mag-aaral ay nagbibigay-kahulugan sa mga konsepto ng wikang Filipino batay sa kanilang pag-iisip at karanasan. Sa ganitong paraan, ipinapakita ng teoryang kognitibo kung paano nakaaapekto ang mga proseso ng pag-iisip sa kanilang akademikong kakayahan.

Ang teoryang Multiple Intelligences ni Howard Gardner (1983) ay nagmumungkahi na ang tao ay may iba't ibang uri ng katalinuhan, at hindi lamang ang tradisyunal na katalinuhan na sinusukat ng mga IQ test. Ang teoryang ito ay naglalayong palawakin ang konsepto ng katalinuhan at ipakita na ang mga tao ay may iba't ibang talento at lakas na hindi laging nasusukat ng mga tradisyunal na pagsusulit. Ang teoryang ito ay may malaking implikasyon sa edukasyon, dahil nagbibigay ito ng isang mas komprehensibong pananaw sa pag-aaral at pagtuturo, at nagbibigay-daan sa pagpapaunlad ng mga programa at diskarte na nakatuon sa paglinang ng iba't ibang uri ng katalinuhan ng mga mag-aaral (Sumit, 2011).

Ang pag-aaral ng Filipino ay nagpapaunlad ng linguistic, interpersonal, at intrapersonal intelligence (Rahman et al., 2022). Ang mataas na linguistic intelligence ay nakatutulong sa mga asignaturang may kaugnayan sa wika, samantalang ang mga aktibidad na nakatuon sa komunikasyon at pagninilay ay nagpapabuti ng interpersonal at intrapersonal intelligence, na may positibong epekto sa akademikong tagumpay (Martinez, 2023). Ginagamit ang Teorya ng Multiple Intelligences upang masuri ang epekto nito at bumuo ng makabuluhang estratehiya sa pagtuturo (Santos et al., 2023).

Ang mga teoryang ito ay may kaugnayan sa pag-aaral, dahil parehong nagpapakita ng epekto ng pag-iisip at katalinuhan ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto. Ayon kay Piaget, ang mga mag-aaral ay aktibong nag-iisip at nag-aanalisa ng mga konsepto, kaya ang kanilang cognitive development ay nakaaapekto sa kanilang kahirapan sa Filipino. Sa kabilang banda, ayon kay Gardner, may iba't ibang uri ng katalinuhan

ang mga mag-aaral, kaya ang mga may mataas na linguistic intelligence ay mas madali matututo ng Filipino kumpara sa iba. Ang mga teoryang ito ay nagpapaliwanag kung bakit iba-iba ang persepsyon ng mga mag-aaral sa kanilang karanasan sa wika.

**Konseptuwal na Balangkas**

Sa antas sekundarya, ang pagtuturo ng wikang Filipino ay karaniwang nakatuon sa dalawang pangunahing larangan: wika at gramatika, at wika at komunikasyon. Habang ang una ay naglalayong malinang ang kaalaman sa mga tuntunin ng wika, ang huli naman ay naglalayon na mapahusay ang kakayahan sa komunikasyon, pasalita man o pasulat. Bagamat may iba't ibang diskarte sa pagtuturo, tulad ng oryentasyong lingguwistiko na may diin sa spelling, reading, writing, speaking, phonetics, at grammar, ang pagsasanay sa pagsasalita ay madalas na nangingibabaw, maging sa mga klase sa pagbasa (Zafra 2016). Gayunpaman, kinikilala ng mga pag-aaral ang mga hamon sa paggamit ng wikang Filipino, tulad ng kakulangan sa bokabularyo, pagkalito sa mga panlapi, at limitadong paggamit nito sa pang-araw-araw na buhay, na maaaring magdulot ng kahirapan sa pagsasalita, pagbasa, at pagsusulat sa mga mag-aaral. Samakatuwid, ang pag-aaral na ito ay magtutuon sa persepsyon ng mga mag-aaral sa mga hamon ng wikang Filipino at ang epekto nito sa kanilang akademikong pagganap (Bunal, 2020).

Ang kahirapan ng mga mag-aaral sa pagsunod sa mga patakaran ng paaralan, dulot ng kakulangan ng disiplina, kawalan ng interes, o problema sa tahanan, ay may negatibong epekto sa kanilang akademikong pagganap at maaaring magdulot ng mababang marka at masamang ugnayan sa mga guro at kaklase. Kailangan ng mga estratehiya upang matulungan ang mga estudyante na sumunod at mapabuti ang kanilang pag-aaral sa isang positibo at produktibong kapaligiran (Garcia, 2015). Sa kabilang dako, ang pag-aaral ng Filipino ay nawawalan ng kaugnayan sa pang-araw-araw na buhay ng mga mag-aaral, na nagdudulot ng kawalan ng interes at motibasyon, at nagreresulta sa mababang marka at negatibong saloobin. Upang mapagtagumpayan ito, kailangan ng mga kontekstwalisadong aralin at makabagong estratehiya upang mapataas ang interes at pagpapahalaga sa wika (Reyes, 2017).


Ang pagpili ng mga mag-aaral ng alternatibong asignatura sa halip na Filipino ay nagpapahiwatig ng kakulangan sa epektibong pagtuturo at kurikulum. Ang tradisyunal na pagtuturo na nakatuon lamang sa gramatika at balarila ay nagiging sanhi ng kawalan ng interes at pagpapahalaga sa wika. Layunin ng pag-aaral na ito na tuklasin ang mga salik na ito at magmungkahi ng mas epektibong estratehiya sa pagtuturo upang mapataas ang interes at pagpapahalaga sa Filipino (Garcia, 2015). Ang hindi pagiging komportable sa wikang Filipino ay maaaring magdulot ng mababang marka, limitadong pakikilahok, at mababang pagpapahalaga sa sarili. Kaya't mahalaga ang paglikha ng isang sumusuporta at nakakaengganyong kapaligiran upang mapaunlad ang kasanayan sa wika ng mga mag-aaral (Santos, 2018).

Ang kakulangan ng makabagong kagamitan ay nagdudulot ng mga hamon sa akademikong pagganap ng estudyante, gaya ng limitadong pakikilahok sa online na gawain, mahirap na pananaliksik, at pagkumpleto ng takdang-aralin. Ito ay lumilikha ng hindi pantay na oportunidad sa pag-aaral. Kailangan ng sapat na suporta at resources upang matiyak ang pantay na access sa makabagong kagamitan para sa lahat (Ramli et al. 2018). Ang pagsusuri sa wikang Filipino ay dapat na masakop ang pag-unawa at pagpapahayag (pasalita at pasulat), gramatika, paggamit ng wika sa iba't ibang konteksto, at pag-unawa sa kultura at panitikan. Ang mga pormat ay maaaring magsama ng mga pagsusulit, pagsulat ng sanaysay, presentasyon, at authentic assessment. Ang pagkakaiba-iba ng mga ito ay magbibigay ng mas komprehensibo at tumpak na pagsusuri para sa pagpapabuti ng mga programa at kurikulum (Reyes, 2019).

Ang pag-aaral na ito ay nagsusuri sa mga kahirapan na kinakaharap ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng

wikang Filipino. Ang kahirapan sa pagsunod sa mga patakaran, kung saan ang mga mag-aaral ay nahihirapan sundin ang mga regulasyon at proseso. Gayundin, may mga pagkakataon na wala itong kaugnayan sa kanilang pang-araw-araw na buhay, na nagpapahirap sa pag-unawa at pagpapahalaga sa mga aralin. Ang kahinaan sa pagsulat o pagbasa ay isang karaniwang problema na naging hadlang sa pagpapahayag ng mga ideya at pagkatuto.

Ang ilang mag-aaral ay nahahalina sa alternatibong asignatura, na maaring magdulot ng pagkalito sa layunin ng kanilang edukasyon. Mayroon din namang mga mag-aaral na hindi komportable sa paggamit ng wika, kaya't nahihirapan silang magpahayag ng kanilang mga saloobin. Ang kakulangan din sa makabagong kagamitan ay nagiging sagabal sa kanilang pagkatuto, na hindi nakakasabay sa mabilis na pagbabago sa teknolohiya at edukasyon.




**Pigura 1. Iskematik Dayagram ng Pag-aara**

**Layunin ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayon na matukoy ang persepsyon sa kahirapan ng mga mag- aaral sa Wikang Filipino at a ng kanilang akademikong pagganap. Ang pag-aaral na ito ay sinasagot ang mga sumusunod na layunin:

a) Natutukoy ang persepsyon sa kahirapan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino sa mga tuntunin ng kahirapan sa pagsunod sa patakaran, kawalan ng kaugnayan sa pang-araw- araw na buhay, kahinaan sa pagsulat o pagbasa, nakahahalina sa alternatibong asignatura, pandamdam na hindi komportable sa wika, kakulangan sa makabagong kagamitan
b) Natutukoy ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino
c) Nasusuri ang makabuluhang ugnayan ng persepsyon sa kahirapan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino at ang kanilang akademikong pagganap

Kabanata 2

## PAMAMARAAN

### Pamamaraang Ginamit

Ang pananaliksik na ito ay isang kwantitatibong pag-aaral na gumamit ng descrptive correlational na disenyo. Ang layunin ng isang descriptive na pananaliksik ay ang tumpak na paglalarawan ng mga katangian ng mga indibidwal, sitwasyon o grupo at kaugnayan ng mga baryabol gamit ang mga istatistika upang ilarawan at ibuod ang mga datos. Ang kaugnayan na ito ay nagpapaliwanag ng pagkaugnay-ugnay ng mga baryabol nang walang anumang aktibong interbensyon sa bahagi ng mananaliksik (Polit at Hungler, 2013). Ito ay angkop sa pag-aaral upang matukoy ang kaugnayan ng antas na pananaw ng mga mag-aaral at kanilang akademikong pagganap.

### Pananaliksik na Pangkapaligiran

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Basic Education Department Junior High School na isa sa paaralan ng lungsod ng Ozamiz. Ang institusyong ito, kabilang ang Basic Education Department ay isang ISO 9001:2015 Management System Certified na ipinagkaloob ng Det Norske Veritas-Germanischer Lloyd Business Assurance. Ang Basic Education Department ay ginawaran ng Level II accreditation ng PACUCOA (Philippine Association of Colleges and Universities Commission on Accreditation).

### Pinanggalingan ng Datos

Ang mga respondente sa pag-aaral na ito ay 170 na mga mag-aaral sa ikapitong baitang hanggang ikasampung baitang ng Junior High School sa Misamis University na pinili sa pamamagitan ng stratified random sampling mula sa apat (4) na baitang.

### Instrumentong Ginamit sa Pagtitipon ng mga Datos

Ginamit ng pag-aaral na ito ang sumusunod na instrumento sa pananaliksik:

**A.** Talatanungan sa persepsyon ng mga mag-aaral sa wikang Filipino at ang kanilang akademikong pagganap sa sekundaryang talatanungan na ginamit sa pananaliksik na ito ay isang limang puntong likert-scale questionnaire. Ang limang puntong likert-scale ay may pagpipiliang bilang mula 1 hanggang 5. Ang bilang 1 ang pinakamababa habang ang 5 naman na bilang ang pinakamataas. Sa bilang 1 ay nangangahulugang (Hindi Kailanman), ang bilang 2 naman ay (Bihira), sa bilang 3 (Minsan), sa bilang 4 (Madalas), at sa bilang 5 ay (Palagi). Ang inangkop na talatanungan ay nahahati sa anim sa seksyon. Binubuo ito ng labing-walo na pahayag kasama ang mga sumusunod: kahirapan sa pagsunod sa patakaran, kawalan ng kaugnayan sa pang-araw-araw na buhay, kahinaan sa pagsulat o pagbasa, nakakahalina sa alternatibong asignatura, pandamdam na hindi komportable sa wika, kakulangan sa makabagong kagamitan, at paksa at pormat ng pagsusuri.

Ang talatanungan ay sumasalalim sa pagpapatunay mula sa mga eksperto, partikular sa mga guro sa Filipino. Ito ay iniharap sa mga dalubhasa upang suriin ang mga tagapahiwatig kung ang bawat pahayag ay tinatanggap, kailangan ng rebisyon, o dapat tanggalin bago ibigay sa mga respondente. Matapos ang proseso ng pagpapatunay, ang instrumento ay napailalim sa isang pilot test gamit ang mga mag-aaral na hindi kasama bilang aktwal na mga sumagot sa pag-aaral. Ang pilot test na ginawa ay nagresulta ng Cronbach`s Alpha na 0.91, dahil dito ang instrumento ay mabisa at mapagkakatiwalaan para sa pangangalap ng datos.

Narito ang iskala upang matukoy ang lebel ng persepsyon ng mga mag-aaral sa wikang Filipino at sa

kanilang akademikong pagganap.

| **Sagot** | **Saklaw** | **Interpretasyon** |
|---|---|---|
| 5 – Palagi | 4.20 – 5.00 | Lubos na Nakaaapekto |
| 4 – Madalas | 3.40 – 4.19 | Higit na Nakaaapekto |
| 3 – Minsan | 2.60 – 3.39 | Nakaaapekto |
| 2 – Bihira | 1.80 – 2.59 | Di-Gaanong Nakaaapekto |
| 1 – Hindi Kailanman | 1.00 – 1.79 | Hindi Nakaaapekto |

**B.** Akademikong Pagganap. Ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay kinuha mula sa marka ng mga mag- aaral sa unang markahan. Ang interpretasyon sa marka ng mga mag-aaral ay ibinatay sa iskala sa ibaba na galing sa K to 12 Curriculum Guide ng DepEd.

| **Marka** | **Deskripsyon** |
|---|---|
| 90 – 100 | Pinakamahusay |
| 85 – 89 | Mahusay |
| 80 – 84 | Katamtaman ang Husay |
| 75 – 79 | Di-Gaanong Mahusay |
| 75 pababa | Napakababa |

**Pagtitipon ng mga Datos**

Bago ang pagbibigay ng talatanungan at pagtitipon ng mga datos, ang mga mananaliksik ay humingi muna ng permiso mula sa punong guro ng Basic Education Junior High School Misamis University, Ozamiz City para sa pagsasagawa ng pag-aaral. Ang mga mananaliksik ay may inihanda na consent at ascent form para sa mga mag-aaral na ang mga respondente ay wala pa sa legal na edad. Ang paglahok ay hihingin mula sa mga tagapayo ng klase na ang mga estudyante ay nagsilbi bilang aktwal na respondente. Ang talatanungan na sariling gawa ng mga mananaliksik ang ginamit upang makakuha ng datos sa mga salik sa paaralan at akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa Junior High School.

**Isinaalang-alang na Etika**

Ang mga respondente sa pananaliksik ay hindi idinaan sa malalim na patakaran na maaring makapinsala sa anumang paraan. Ang paggalang sa dignidad ng mga respondente sa pananaliksik ay binibigyang prayoridad. Ang paghingi nang pahintulot ay nakuha mula sa mga respondente bago ang pagsasagawa sa pag-aaral. Ang mga pangalan ng respondente ay hindi naitala sa alinman sa mga materyal na ginamit sa pangangalap ng datos. Ang mga talaan ng pag- aaral na ito ay mananatiling pribado at kumpedensyal. Sa anumang uri ng ulat na maaring mailimbag, walang impormasyon ang isasama na maging posible upang makilala ang mga mananaliksik. Ang anumang uri ng komunikasyon na may kinalaman sa pananaliksik ay tinatapos sa katapatan at anumang uri ng nakalilito na impormasyon pati na rin bilang representasyon ng mga nakatuklasan na datos sa isang pinapanigang paraan ay iniwasan.

**Estatistikang Pag-aaral ng mga Datos**

Ang mga datos ay inalisa gamit ang mga sumusunod na mga kagamitang pang-estatistika ostatistical tools ng pag-aaral na nakabatay sa Minitab:

Mean and Standard Deviation. Ang tool na ito ay ginamit upang matukoy kung ano ang persepsyon ng mga mag-aaral sa wikang Filipino at ang kanilang akademikong pagganap.
Pearson Product Moment Correlation Coefficient. Ginamit ito sa pagtukoy ng makabuluhang kaugnayan sa persepsyon ng mga mag-aaral at ang kanilang akademikong pagganap.

Kabanata 3

## RESULTA AT TALAKAYAN

### Persepsyon ng mga Mag-aaral sa Kahirapan ng Wikang Filipino

Ipinapakita sa Talahayan 1 na ang kabuuan na persepsyon sa kahirapan ay nakaaapekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa sekundarya (M=3.01; SD=7.58). Ang anim na baryabols ay may mataas na antas: Kahirapan sa Pagsunod sa Patakaran (M=3.09, SD=1.12); Kawalan ng Kaugnayan sa Pang-araw-araw na Buhay (M=3.00, SD=0.96); Kahinaan sa Pagsulat o Pagbasa (M=3.05, SD=1.49); Nakahahalina sa Alternatibong Asignatura (M=3.07, SD=1.06); Pandamdam na Hindi Komportable sa Wika (M=3.08, SD=0.99); Kakulangan sa Makabagong Kagamitan (M=2.81, SD=0.95).
Ang mga mag-aaral na nahihirapan sa pagsunod sa patakaran sa pagbuo ng pangungusap na may wastong balarila na nakaaapekto sa kanilang pag-aaral. Ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa tamang paggamit ng wikang Filipino na nagdudulot ng suliranin sa kanilang pag-aaral (Virgilio, 2018). Mas mataas ang interes ng mga mag-aaral sa ibang asignatura kumpara sa asignaturang Filipino. Ang kawalan ng suporta at pagtutok ng sistema ng edukasyon sa pagpapalakas ng pagmamahal sa wikang Filipino ay maaaring maging sanhi ng kawalan ng interes at pag-unawa ng ilang mag-aaral sa asignaturang ito (dela Cruz, 2023). Ang kakulangan sa makabagong kagamitan ay nagiging hadlang sa pag-aaral ng mga mag- aaral. Dahil dito, nagiging limitado ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagkuha ng bagong kaalaman at pagsasaliksik, na direktang nakaaapekto sa kanilang pag-unlad at pang-unawa. Naging hamon ito sa edukasyon ng mga mag-aaral, kaya't mahalaga ang agarang pagtugon at pagtugon sa mga isyung ito upang masigurong pantay at epektibong edukasyon para sa lahat (Soto, 2017). Bukod dito, marami sa mga mag-aaral ang hindi napapahalagahan ang mga paksa o format ng pagtuturo sa wikang Filipino, kaya't nahihirapan silang maunawaan ito. Ang hindi pagtugon ng mga guro at materyales ng pagtuturo sa mga pangangailangan at antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino ay maaaring maging sanhi ng kanilang kawalan ng interes at pag-unawa sa asignaturang Filipino (Antonio, 2007).
Ang mga mag-aaral ay naaapektuhan sa iba't ibang hamon na nagdudulot ng kahirapan sa paggamit ng wikang Filipino. Ang pagsunod sa patakaran, kawalan ng kaugnayan ng wika sa pang-araw-araw na buhay, kahinaan sa kasanayan sa pagsulat o pagbasa, kawalan ng interes dahil sa alternatibong asignatura, pakiramdam ng hindi pagiging komportable sa paggamit ng wika, limitadong akses sa makabagong kagamitan na nakaaapekto sa kanilang pag-aaral sa wikang Filipino.

Talahayan 1

**Persepsyon sa Kahirapan ng mga Mag-aaral sa Wikang Filipino**

(n=170)

| Mga Konstruksyon | Mean | St. Dev. | Remarks |
|---|---|---|---|
| Kahirapan sa Pagsunod sa Patakaran | 3.09 | 1.12 | Nakaaapekto |
| Kawalan ng Kaugnayan sa Pang-araw-araw na Buhay | 3.00 | 0.96 | Nakaaapekto |
| Kahinaan sa Pagsulat o Pagbasa | 3.05 | 1.49 | Nakaaapekto |
| Nakahahalina sa Alternatibong Asignatura | 3.07 | 1.06 | Nakaaapekto |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Pandamdam na Hindi Komportable sa Wika | 3.08 | 0.99 | Nakaaapekto |
| Kakulangan sa Makabagong Kagamitan | 2.81 | 0.95 | Nakaaapekto |
| Kabuoan | 3.01 | 7.58 | Nakaaapekto |

Note: 4.21-5.00 (Lubos na Nakaaapekto); 3.41-4.20 (Higit na Nakaaapekto); 2.61-3.40 (Nakaaapekto); 1.81-2.60 (Di Gaanong Nakaaapekto); 1.0-1.79 (Hindi Nakaaapekto)

**Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Filipino**

Sa Talahanayan 2, ipinakita ang resulta ng akademikong pagganap ng 170 na mag-aaral. Makikita rito na kadalasan sa mga 49 na mag-aaral ay napabilang sa pinakamahusay sa kanilang akademikong pagganap. Kasunod nito may 57 na mag-aaral na napabilang sa katamtaman ang husay, 46 sa mahusay, 15 sa di-gaanong mahusay at 3 ang napabilang sa pinakamababa sa akademikong pagganap sa asignaturang Filipino. Makikita sa resulta ng datos na ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay mahusay (M=85.98).

Ang mga resulta ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay may mahusay na pagganap sa klase, na makikita sa kanilang mga marka at pagtatasa. Ang kanilang akademikong tagumpay ay karaniwang sinusukat sa pamamagitan ng mga pagsusulit, eksaminasyon, at patuloy na pagtatasa sa loob ng klase. Higit pa rito, ang mga mag-aaral ay matagumpay na nakamit ang mga kasanayan at pamantayan na itinakda ng Kagawaran ng Edukasyon para sa asignaturang Filipino.

Ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay isang mahalagang sukatan sa pagsusuri ng mga layunin sa edukasyon para sa parehong mag-aaral at guro (Bosco et al., 2023). Sa pamamagitan ng pagsusuri ng kanilang mga marka at pag-unlad sa klase, matutukoy kung natutugunan ba ng mga mag-aaral ang mga itinakdang layunin sa kanilang pag-aaral, at kung ang mga guro ay nakapagbibigay ng tamang gabay at pamamaraan upang makamit ito. Sumsalamin ito sa mga resulta ng pag-aaral na naabot ng isang mag-aaral sa loob ng paaralan (Steinmayr et al., 2017). Ang mga marka, pagsusulit, at iba pang uri ng pagtatasa ay nagsisilbing mga konkretong ebidensya kung paano niya natutunan at naipamalas ang mga kasanayan at kaalaman na itinuro sa paaralan. Sa madaling salita, ang mga resulta ng kanyang pag-aaral ay nagbibigay ng kabuuang larawan ng kanyang progreso at tagumpay sa akademiko.

Ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay isang mahalagang palatandaan ng kanilang tagumpay at pagkatuto. Ito ay tumutukoy sa antas ng pagkatuto at tagumpay ng mga mag-aaral sa kanilang mga pagsasanay, pagsusulit, at iba pang evaluasyon ng kanilang mga kaalaman at kasanayan (Hattie et al., 2017). Bukod sa pagiging batayan ng kanilang mga natamo sa pag-aaral, ang akademikong pagganap ay sumasalamin din sa kanilang dedikasyon at kakayahang makamit ang mga layuning pang-edukasyon at personal na ambisyon. Ang mataas na antas ng pagganap ay nagpapakita ng kanilang kakayahan na magpatuloy sa mas mataas na antas ng pag-aaral o sa kanilang propesyonal na karera (Kapur, 2018).

Talahanayan 2
**Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Filipino**
(n=170)

| **Descriptor** | **Frequency** | **Percentage** | **M** | **SD** |
|---|---|---|---|---|
| Pinakamahusay | 56 | 32.94 | | |
| Mahusay | 39 | 22.94 | | |
| Katamtaman ang Husay | 55 | 32.35 | | |
| Di-Gaanong Mahusay | 18 | 10.59 | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Napakababa | 2 | 1.18 | | |
| Kabuoang Pagganap | 170 | 100.00 | 86.31 | 6.03 |

Note: 90-100 (Pinakamahusay); 85-89 (Mahusay); 80-84(Katamtaman ang Husay); 75-79 (Di-Gaanong Mahusay); Below 75 (Napakababa)

**Makabuluhang Kaugnayan ng mga Salik sa Paaralan at Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Filipino**

Batay sa Talahayan 3, ipinapakita dito ang makabuluhang kaugnayan ng persepsyon sa kahirapan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino at ang kanilang akademikong pagganap. Ang mga resultang ipinakita na may kabuluhan ang mga sumusunod na baryabol: kahirapan sa pagsunod sa patakaran (p=0.000); kawalan ng kaugnayan sa pang-araw-araw na buhay (p=0.000); kahinaan sa pagsulat o pagbasa (p=0.000); nakahahalina sa alternatibong asignatura (p=0.000); pandamdam na hindi komportable sa wika (p=0.000); kakulangan sa makabagong kagamitan (p=0.000). Ang mga bilang na r-value at p-value ay nagpapahiwatig na mayroong makabuluhang ugnayan sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Ang talahayan 3 ay nagpapakita ng lubos na makabuluhang ugnayan sa persepsyon ng mga mag-aaral sa kahirapan ng paggamit ng wikang Filipino at ang kanilang akademikong pagganap. Ipinapakita ng mga resultang may p-value na 0.000 na ang iba't ibang salik tulad ng kahirapan sa pagsunod sa patakaran, kawalan ng kaugnayan sa pang-araw-araw na buhay, kahinaan sa pagsulat at pagbasa, at kakulangan sa makabagong kagamitan ay may malalim na epekto sa kanilang pagganap. Gayundin, ang pagiging hindi komportable sa wika at ang paksa at pormat ng pagsusuri ay may negatibong impluwensya sa kanilang akademikong pagganap. Ang mababang p-value at mataas na r-value ay nagpapahiwatig ng lubos na makabuluhang ugnayan ng mga ito sa kanilang tagumpay sa pag-aaral ng Filipino.

Ang mga mag-aaral na may suliranin sa paaralan ay mas lamang na magpakita ng mas mababang antas ng akademikong pagganap kaysa sa kanilang mga kapwa na mas disiplinado. Ang kakulangan sa disiplina at pagsunod sa regulasyon ng paaralan ay maaaring magdulot ng negatibong epekto sa pag-unlad ng mag-aaral sa edukasyon (Garcia & Santos, 2020).Ang pagiging interesado ng mga mag-aaral sa ibang asignatura kumpara sa asignaturang Filipino ay may makabuluhang ugnayan sa kanilang akademikong pagganap.Ang interes at pagmamalasakit ng mga mag-aaral sa isang asignatura ay may kaugnayan sa kanilang akademikong pagganap. Ang mga mag-aaral na nahihirapan sa pagsulat at pagbasa sa wikang Filipino ay may makabuluhang ugnayan sa kanilang akademikong pagganap. Ang mga mag-aaral na may mga hamon sa pagsulat at pagbasa sa wikang Filipino ay mas malamang na magpakita ng mas mababang antas ng akademikong pagganap (Reyes, 2019).

Ang mga mag-aaral na nahihirapan sundin ang mga patakaran sa klase o hindi nakakakita ng kaugnayan ng Filipino sa kanilang pang-araw-araw na buhay ay nahihirapan sa akademikong aspeto ng wika. Ang kakulangan sa kasanayan sa pagsulat at pagbasa sa Filipino, pati na rin ang hindi pagkakaroon ng modernong kagamitan sa pagkatuto, ay nagpapabigat pa sa kanilang sitwasyon. Higit pa rito, ang mga mag-aaral na hindi komportable sa paggamit ng wika ay nahihirapan din magpahayag ng kanilang mga ideya, na nagiging hadlang sa kanilang akademikong pagganap. Ang pag-unawa at pagpapahalaga sa Filipino ay isang pangunahing aspeto sa pagpapabuti ng akademikong pagganap.

Talahanayan 3
Makabuluhang Ugnayan ng Persepsyon sa Kahirapan ng mga Mag-aaral sa Wikang Filipino at ang Kanilang Akademikong Pagganap
(n=170)

| Baryabol | r-value | p-value | Remarks |
|---|---|---|---|
| Kahirapan sa Pagsunod sa Patakaran at Akademikong Pagganap | 0.441 | 0.000 | Lubos na Makabuluhan |
| Kawalan ng Kaugnayan sa Pang-araw-araw na Buhay at Akademikong Pagganap | 0.484 | 0.000 | Lubos na Makabuluhan |
| Kahinaan sa Pagsulat o Pagbasa at Akademikong Pagganap | 0.450 | 0.000 | Lubos na Makabuluhan |
| Nakahahalina sa Alternatibong Asignatura at Akademikong Pagganap | 0.304 | 0.000 | Lubos na Makabuluhan |
| Hindi Komportable sa Wika at Akademikong Pagganap | 0.373 | 0.000 | Lubos na Makabuluhan |
| Kakulangan sa Makabagong Kagamitan at Akademikong Pagganap | 0.429 | 0.000 | Lubos na Makabuluhan |

Note: **$p<0.01$ (Lubos na Makabuluhan); *$p<0.05$(Makabuluhan); $p>0.05$ (Walang Kabuluhan)

Kabanata 4

LAGOM, MGA NATUKLASAN, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

**Buod**

Ang pag-aaral na ito ay napapatungkol sa persepsyon sa kahirapan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino at ang kanilang akademikong pagganap sa sekundarya. Naglalayon itong matukoy ang persepsyon sa kahirapan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino, matukoy ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino, at matukoy ang makabuluhang ugnayan ng persepsyon sa kahirapan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino at ang kanilang akademikong pagganap sa Filipino. Ang mga respondente sa pag-aaral na ito ay ang 170 na mga mag-aaral sa ikapitong baitang hanggang ikasampung baitang ng Junior High School mula sa isa sa paaralan ng lungsod ng Ozamiz na pinili sa pamamagitan ng stratified random sampling. Ang mga mag-aaral ay binigyan ng talatanungan na sariling-gawa ng mananaliksik. Upang makuha ang resulta mula sa nakuhang mga datos ito ay sinuri gamit ang statistical tools ng pag-aaral na nakabatay sa Minitab.

**Mga Natuklasan**

Batay sa mga datos na nakuha, ang mga sumusunod ang mga natuklasan sa pag-aaral:

1. Ang persepsyon ng mga mag-aaral sa wikang Filipino ay naging hadlang sa kanilang pagkatuto at paggamit nito. Para sa mga mag-aaral, ang wikang Filipino ay mahirap sundin, hindi ganap na nauugnay sa kanilang pang-araw-araw na buhay, at may kakulangan sa istruktura. Marami rin ang nahihirapan sa pagbasa at pagsulat, habang ang iba ay mas naakit sa alternatibong asignatura.
2. Natuklasan sa pag-aaral na ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino sa Junior High School ay nagpapakita ng mahusay na marka.
3. Ipinapakita ng mga resulta na may makabuluhang kaugnayan ang persepsyon ng mga mag-aaral sa kahirapan ng wikang Filipino at ang kanilang akademikong pagganap. Ito ay nagpapahiwatig na ang

mga mag-aaral ay nahihirapan sa kanilang paggamit at pagkatuto sa wikang Filipino na nakaaapekto sa kanilang akademikong pagganap.

**Konklusyon**

Batay sa natuklasan sa pag-aaral na ito, narito ang mga konklusyon:

1. Ang mga mag-aaral ay naaapektuhan sa iba't ibang hamon na nagdudulot ng kahirapan sa paggamit ng wikang Filipino, kabilang na ang kahirapan sa pagsunod sa mga patakaran ng wika, na nakaaapekto sa kanilang pagkatuto at kasanayan sa Filipino. Ang kawalan ng kaugnayan ng wika sa kanilang pang-araw-araw na buhay ay nakaaapekto sa kanilang interes at motibasyon, kaya't nagiging sanhi ito ng kahirapan sa kanilang pag-aaral. Gayundin, ang kahinaan sa mga kasanayan sa pagsulat at pagbasa ay nakakaapekto sa kanilang akademikong pagganap, na nagdudulot ng stress at pagkalito. Bukod pa rito, ang kakulangan sa makabagong kagamitan at ang kawalan ng suporta mula sa sistema ng edukasyon ay nakakaapekto sa kanilang kakayahang matuto at magtagumpay sa wika. Ang hindi angkop na paksain at format ng pagtuturo ay nakaaapekto sa kanilang mga suliranin, kaya't mahalaga ang pagtutok sa mga isyung ito upang mapabuti ang kalidad ng edukasyon at pagtuturo ng wikang Filipino sa mga mag-aaral.
2. Ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino sa Junior High School ay nagpapakita ng mahusay na marka na nakuha ng mga mag-aaral mula sa mga pagsusulit, eksaminasyon at mga pagtatasa sa loob ng klase.
3. Ang mga mag-aaral ay nahihirapang sundin ang mga alituntunin ng wika at hindi nakikita ang kahalagahan ng Filipino sa kanilang pang-araw-araw na buhay. May mga mag-aaral na hindi sanay o komportable sa paggamit ng wikang Filipino na nahihirapang ipahayag ang kanilang mga saloobin at ideya. Ang kakulangan sa kasanayan sa pagbasa at pagsulat at ang kawalan ng makabagong kagamitan sa pagkatuto ay nagdudulot ng kalituhan sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa wikang Filipino. Ang mga hamong ito ay may lubos na makabuluhang ugnayan sa kanilang akademikong pagganap.

**Rekomendasyon**

Narito ang mga rekomendasyon ng mga mananaliksik mula sa isinagawang pag-aaral:

1. Para sa mga mag-aaral, iminumungkahi ang aktibong pakikilahok sa mga gawaing pang-akademiko at pagdiriwang na may kaugnayan sa pagpapahalaga sa wikang Filipino upang mapalakas ang kanilang kamalayan at mas mapabuti ang kanilang akademikong pagganap sa kabila ng mga hamon na dulot ng kahirapan.
2. Para sa mga guro, inirerekomenda ang paggamit ng mga pamamaraan ng pagtuturo na naglalayong pataasin ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga talakayan ukol sa kahirapan at wika, tulad ng mga collaborative na aktibidad at mga proyekto na nagpapalawak ng kanilang pananaw sa kahalagahan ng wika at ang epekto nito sa kanilang pagganap sa akademya.
3. Para sa mga paaralan, magsagawa ng mga hakbang na nakatuon sa pagpapalawak ng pang-unawa ng mga mag-aaral sa kahalagahan ng wikang Filipino sa kanilang pang-akademikong tagumpay. Mag-organisa ng mga pagsasanay at seminar na tututok sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang wika at kung paanong nakakaapekto ang kanilang mga karanasan sa kahirapan sa kanilang edukasyonal na pagsusumikap.
4. Para sa mga susunod na mananaliksik, inirerekomenda ang pagpapalawak ng kwalitatibong pag-aaral na magsuri hindi lamang sa persepsyon ng mga mag-aaral tungkol sa kahirapan at wika, kundi pati na

rin sa mga sosyo-ekonomikong salik at ibang aspeto ng kanilang buhay na may direktang epekto sa kanilang akademikong pagganap sa Filipino.

## TALASANGGUNIAN


1. BARATTO, G., BOSCO, M., CAMMILLERI, M., CARAMAGNA, M., GIRAUDO, C., GHIO, T., & LASALA, A. Promoting Accessibility and Inclusion in E-Learning: the University of Turin's Experience. ENHANCING TEACHER TRAINING FOR SPANISH FOREIGN LANGUAGE EDUCATION WITH ARTIFICIAL INTELLIGENCE: A STUDY OF PRACTICAL TOOLS 10, 155. https://www.researchgate.net/profile/Maria-Valentini-5/publication/382448003_Social_Robotics_in_Hospitals_and_the_Training_Needs_of_Professionals_An_Empirical_Research_Design_Book_of_Abstract_-_ISYDE_2024/links/669e24644a172d2988b6eba3/Social-Robotics-in-Hospitals-and-the-Training-Needs-of-Professionals-An-Empirical-Research-Design-Book-of-Abstract-ISYDE-2024.pdf#page=134
2. Bernard, H. R. (2017). Research methods in anthropology: Qualitative and quantitative approaches. Rowman & Littlefield. https://books.google.com/books?hl=en&lr=&id=2Fk7DwAAQBAJ&oi=fnd&pg=PP1&dq=bernardo+2017&ots=HdrEU2pK8j&sig=rtFXpZAd20cDoi4N0lm3lWuD8eU
3. Boligol, M. L., Longakit, M. A. B., & Pacaldo, L. A. (2023). Mountain School Teachers on MTB–MLE Program: A Hermeneutic Phenomenological Inquiry. European Chemical Bulletin, 12, 2145-2163. https://www.academia.edu/download/104914452/mtb.pdf
4. Brown, M., & Kuperberg, G. R. (2015). A hierarchical generative framework of language processing: Linking language perception, interpretation, and production abnormalities in schizophrenia. Frontiers in Human Neuroscience, 9, 643. https://www.frontiersin.org/articles/10.3389/fnhum.2015.00643/full
5. Bunal, R. V. (2020). International Literacy Association. (2020), Phonological awareness in early childhood literacy development, 36(2), 366-372. www://kdpelmjpfafjppnhbloffcjpeomlnpah/https://www.literacyworldwide.org/docs/default-source/where-we-stand/9457_Phonological_Awareness_1-2020_Final.pdf
6. Carter, P. L., & Nicolaides, A. (2023). Cognitive learning: An emotional (r) evolution. New Directions for Adult and Continuing Education, 2023(177), 25-36. https://onlinelibrary.wiley.com/doi/abs/10.1002/ace.20476
7. Dos Santos, L. M. (2020). The Discussion of Communicative Language Teaching Approach in Language Classrooms. Journal of Education and e-Learning Research, 7(2), 104-109. https://eric.ed.gov/?id=EJ1258678
8. Fisher, D., Frey, N., & Hattie, J. (2017). Teaching literacy in the visible learning classroom, grades K-5. Corwin Press. https://books.google.com/books?hl=en&lr=&id=aAv1DQAAQBAJ&oi=fnd&pg=PP1&dq=hattie+2017+about+language&ots=NbjTVqjgYR&sig=lsAIqijeSi0dKarEbhGvz5IHz3E
9. Garcia, G. S. (2015). Ang pagtuturo ng wika at kulturang Filipino sa disiplinang Filipino (Konteksto ng K-12). Katipunan: Journal ng mga Pag-aaral sa Wika, Panitikan, Sining at Kulturang Filipino, (1). https://www.academia.edu/download/55689265/2197-7804-1-PB.pdf
10. Gui, P., Jiang, Y., Zang, D., Qi, Z., Tan, J., Tanigawa, H., ... & Wang, L. (2020). Assessing the depth of language processing in patients with disorders of consciousness. Nature neuroscience, 23(6), 761-

770. https://www.nature.com/articles/s41593-020-0639-1
11. Heyder, A., Kessels, U., & Steinmayr, R. (2017). Explaining academic-track boys' underachievement in language grades: Not a lack of aptitude but students' motivational beliefs and parents' perceptions?. British Journal of Educational Psychology, 87(2), 205-223. https://bpspsychub.onlinelibrary.wiley.com/doi/abs/10.1111/bjep.12145
12. Kapur, R. (2018). Knowledge, Attitude and Classroom Practices towards Communicative Language Teaching. https://www.researchgate.net/profile/Radhika-Kapur-2/publication/323746273_Knowledge_Attitude_and_Classroom_Practices_towards_Communicative_Language_Teaching/links/5aa88682458515b024fb0ec2/Knowledge-Attitude-and-Classroom-Practices-towards-Communicative-Language-Teaching
13. Li, D., Chen, J., Shen, X., Zhu, X., & Elhoseiny, M. (2023). Minigpt-4: Enhancing vision-language understanding with advanced large language models. arXiv preprint arXiv:2304.10592. https://arxiv.org/abs/2304.10592
14. Li, S. (2023). Evolution and Evaluation: A Study of the Universal Language in Hong Kong under the Background of Multiculturalism. International Journal of Education and Humanities, 11(3), 271-275. https://drpress.org/ojs/index.php/ijeh/article/view/14912
15. Lopez, S., Longcoy, J., Avery, E., Isgor, Z., Jeevananthan, A., Perez, J., ... & Johnson, T. (2024). The impact of language on hospital outcomes for COVID-19 patients: a study of non-English speaking Hispanic patients. Journal of Racial and Ethnic Health Disparities, 11(3), 1611-1617. https://link.springer.com/article/10.1007/s40615-023-01636-z
16. Lucelyn Jotojot, Leslie Espera, at Jennilyn Virador (2017). Antas ng Kahirapan sa Paggamit ng Wikang Filipino ng mga Mag-aaral sa Grade 10 ng UB-HS Department: Mungkahing Kaparaang Pampagpabuti, (128), 78-89. https:// www.sciencedirect.com/filipino/document/542785227/Pananaliksik-Final
17. Martinez, F. (2023). Multiple intelligences of college chemistry students: their relationship to chemistry achievement. Ubiquitous Learning, 3(1), 83. https://search.proquest.com/openview/b1b83401b96647adc7073cfdb1d97c22/1?pq-origsite=gscholar&cbl=5531550
18. Ortañez, D. (2018). Kahalagahan ng Wikang Filipino sa Edukasyon. www.academia.edu. https://www.academia.edu/36247768/Kahalagahan_ng_Wikang_Filipino_sa_Edukasyon?f=https://www.academia.edu/36247768/Kahalagahan_ng_Wikang_Filipino_sa_Edukasyon?f=
19. Pearce, W. M., & Flanagan, K. (2019). Associations among oral narrative language measures for Indigenous and non-Indigenous children in their first year of school 1. In Typical and atypical language development in cultural and linguistic diversity (pp. 152-171). Routledge. https://www.taylorfrancis.com/chapters/edit/10.4324/9781003251194-9/associations-among-oral-narrative-language-measures-indigenous-non-indigenous-australian-children-first-year-school-1-wendy-pearce-kieran-flanagan
20. Quiroga-Marabolí, P., Antúnez-Riveros, M. A., Aguirre-Jerez, M., Saldaña, A. B., Peralta-Camposano, J., & de Gauna Bahillo, M. P. R. (2019). Perceptions of the educational environment among undergraduate physical therapy students in a competency-based curriculum at the University of Chile. Journal of Educational Evaluation for Health Professions, 16. https://synapse.koreamed.org/articles/1149121
21. Rahmat, N. H., Rahman, S. A. S. A., Mohd, D. R., Yunos, S. S. S. A. R., & Rahman, A. H. A. (2022).

Exploring the use of knowledge in language learning. International Journal of Academic Research in Business and Social Sciences, 12(2), 16-31. https://www.researchgate.net/profile/Noor-Rahmat-2/publication/358956885_Exploring_The_Use_of_Knowledge_in_Language_Learning/links/621f2c637106690c08537570/Exploring-The-Use-of-Knowledge-in-Language-Learning.pdf

22. Ramli, S. N. S., Hassan, M. S., Ridzuan, A. R., Mohideen, R. S., & Ilyas, I. Y. (2018). How Media Literacy Competency Contribute to Political Participation Integrity Among Young People. International Journal of Academic Research in Business and Social Sciences, 11(4), 814-832. https://www.academia.edu/download/66683760/2021_ERA_how_media_literacy_competency_contribute_to_political_participation_integrity_among_young_people.pdf
23. Reyes, D. L., Dinh, J., Lacerenza, C. N., Marlow, S. L., Joseph, D. L., & Salas, E. (2019). The state of higher education leadership development program evaluation: A meta-analysis, critical review, and recommendations. The Leadership Quarterly, 30(5), 101311. https://www.sciencedirect.com/science/article/pii/S1048984318304922
24. Reyes, M., & Domina, T. (2019). A mixed-methods study: Districts' implementation of language classification policies and the implications for male, Hispanic, and low-income middle school students. Education Policy Analysis Archives, 27, 30-30. https://epaa.asu.edu/index.php/epaa/article/view/4210
25. Reyes, S.A, (2017). Constructivist Strategies for Language Teachers, The Normal Lights, 10(2). https://www.gocabe.org/wp-content/uploads/2024/01/2024ME-Final-web.pdf?utm_source
26. Richards, J. C., & Rodgers, T. S. (2014). Approaches and methods in language teaching. Cambridge university press. https://books.google.com/books?hl=en&lr=&id=HrhkAwAAQBAJ&oi=fnd&pg=PR1&dq=rodgers+2014+language&ots=_NdEznbln4&sig=IBz-5LkXRM6b3uC4DfoM6s8tBUU
27. Santos, M. (2018). Class-and subject teachers' self-efficacy and emotional stability and students' perceptions of the teacher–student relationship, classroom management, and classroom disruptions. BMC psychology, 9, 1-12. https://link.springer.com/article/10.1186/s40359-021-00606-6
28. Smith, K., Perfors, A., Fehér, O., Samara, A., Swoboda, K., & Wonnacott, E. (2017). Language learning, language use and the evolution of linguistic variation. Philosophical Transactions of the Royal Society B: Biological Sciences, 372(1711), 20160051. https://royalsocietypublishing.org/doi/abs/10.1098/rstb.2016.0051
29. Soto, G., & Clarke, M. T. (2017). Effects of a conversation-based intervention on the linguistic skills of children with motor speech disorders who use augmentative and alternative communication. Journal of Speech, Language, and Hearing Research, 60(7), 1980-1998. https://pubs.asha.org/doi/abs/10.1044/2016_JSLHR-L-15-0246
30. Sumit, G. (2011). The effect of multiple intelligences theory-based education on academic achievement: A meta-analytic review. Educational Sciences: Theory and Practice, 16(6), 1833-1864. https://eric.ed.gov/?id=EJ1130745
31. Tana, N. R. (2021). Factors influencing the level of Filipino language proficiency among secondary students. Interdisciplinary Journal of Applied and Basics Subjects, 1(12), 1-12. https://visnav.in/ijabs/article/factors-influencing-the-level-of-filipino-language-proficiency-among-secondary-students/
32. Thomas, J. A. (2010). How do I satisfy the general education language requirement? University students' attitudes toward language study. Foreign Language Annals, 43(3), 531-551.

https://onlinelibrary.wiley.com/doi/abs/10.1111/j.1944-9720.2010.01096.x
33. Towards Linguistically Inclusive Additional Language Instruction. Concordia Working Papers in Applied Linguistics, 7, 55-74. https://www.researchgate.net/profile/John-Wayne-Dela Cruz/publication/370150793_Teaching_and_Assessing_Plurilingually_Using_the_CEFR_Towards_Linguistically_Inclusive_Additional_Language_Instruction/links/6441bb0a6216de13628fda58/Teaching-and-Assessing-Plurilingually-Using-the-CEFR-Towards-Linguistically-Inclusive-Additional-Language-Instruction.pdf
34. Wadhwa, M. (2019). Understanding quantitative research and mixed methods research. http://14.139.121.113:8080/jspui/bitstream/123456789/741/1/ABCD.pdf
35. Zafra, G. S. (2016). Ang pagtuturo ng wika at kulturang Filipino sa disiplinang Filipino (Konteksto ng K-12). Katipunan: Journal ng mga Pag-aaral sa Wika, Panitikan, Sining at Kulturang Filipino, (1). https://www.academia.edu/download/55689265/2197-7804-1-PB.pdf